Ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nag-utos dito na patayin ang mga tuko at nagsabi siya: Ito ay umiihip noon [sa apoy] kay Abraham.

Ayon kay Umm Sharīk, malugod si Allah sa kanya: "Ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nag-utos dito na patayin ang mga tuko at nagsabi siya: Ito ay umiihip noon [sa apoy] kay Abraham."

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nag-utos ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na patayin ang tuko at ipinabatid niya na ito ay umiihip noon sa apoy na pinaglagyan kay Abraham upang timindi ang liyab niyon, na nagpapatunay sa lubos na pagkamuhi nito sa alagad ng Tawhid at Pagpapakawagas.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8412